# Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Nakakita ka na ba ng mga banyaga o mga taong galing sa ibang bansa na naglalakad sa mga lansangan o sa mall? Mga tao kayang galing sa iba't ibang rehiyon ng ating bansa? Kagaya ng maraming lugar sa buong mundo, ang Pilipinas ay kinabibilangan ng mga taong galing sa iba't ibang lugar na may magkakaibang pisikal na katangian, paniniwala at kultura.

Kapag nanirahan sa iisang lugar ang mga taong magkakaiba ang kultura, maaari itong magdulot ng pagkalito, salungatan at pag-aaway. Bakit kaya? Maaari silang magtalo dahil sa kanilang mga kaibahan. Ngunit alam mo ba na hindi dapat maging dahilan ang pagkakaiba ng kultura upang magsalungatan ang mga tao? Sa katunayan, maaari itong panggalingan ng lakas upang makatulong sa ating mga sarili, sa komunidad at sa buong mundo.

Sa pamamagitan ng modyul na ito, may pagkakataon kang tuklasin ang konseptong nabanggit sa itaas. Nahahati ang modyul sa tatlong aralin:

Aralin 1 – *Okay Lang na Magkaiba Tayo*

Aralin 2 – *Maaaring Magdulot ng Kabutihan ang Ating Pagkakaiba*

Aralin 3 – *Isang Mundo, Iba't Ibang Tinig*

# Anu-ano ang mga Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Matapos mong basahin ang modyul, may kakayahan ka nang:

- ipaliwanag ang mga benepisyo ng pagkakaroon ng iba't ibang kultura sa sarili, pamilya, *komunidad, bansa* at ng *buong mundo;*
- kilalanin ang mga positibong pagpapahalaga (*values*) at pagkilos ng mga taong may ibang kultura; at
- ipaliwanag ang mga benepisyo ng magkakaibang kultura sa ating *sambayanan, bansa* at *buong mundo.*



## Anu-ano na ang mga Alam Mo?

A. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ang ibig sabihin ng kultura ay _______________.

    a. kung paano nabubuhay ang mga tao
    b. literatura, musika at sining
    c. mga paniniwala, pagpapahalaga, kaugalian
    d. Lahat ng nasa itaas.

2. May _______________ ang mga Pilipino at Hapon.

    a. parehong kultura
    b. magkaibang kultura
    c. walang kultura
    d. Wala sa itaas.

3. _______________ ang isang Kristiyanong Pilipino na lumaki sa Metro Manila at Muslim na Pilipino na lumaki sa Mindanao.

    a. May parehong kultura
    b. May magkaibang kultura
    c. Walang kultura
    d. Wala sa itaas.

4. ______________________ ang pakikisama sa isang taong may ibang kultura.

    a. Makatutulong sa iyo bilang isang indibidwal
    b. Hindi makaaapekto sa iyo sa kahit anong paraan
    c. Magdudulot lamang ng masamang epekto sa iyo bilang isang tao
    d. Hindi posible.

5. Kabilang sa ___________ kultura ang mga taong naninirahan sa Pilipinas.

    a. iisang
    b. dalawang
    c. walang
    d. iba’t ibang

B. Sagutan ang mga tanong ng *OO* o *HINDI*. Isulat ang iyong mga sagot sa puwang.

__________ 1. Interesado ka bang matutuhan ang mga bagay tungkol sa mga taong may ibang kultura?

__________ 2. Matatanggap mo bang kapantay ang mga taong iba sa iyo?

__________ 3. Naniniwala ka bang posible sa mga taong magkaka-iba ang kultura na mamuhay ng matiwasay at mapayapa?

__________ 4. Naniniwala ka ba na ang mga taong magkakaiba ang kultura ay maaaring magtulungan upang gawing mas mabuti ang mundong ating ginagalawan?

__________ 5. Gusto mo bang malaman kung paano haharap at makikisama sa isang tao na iba ang kultura sa iyo?

Kamusta ang pagsusulit? Sa palagay mo kaya mahusay ang ginawa mo? Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 34.

Kung tama ang lahat ng sagot mo, magaling! Maaari mo pa ring basahin ang modyul upang balik-aralan ang mga konseptong alam mo na. Malay natin, may matutunan ka pang mga bagong konsepto at paksa.

Kung nakakakuha ka naman ng mababang marka, huwag mag-alaala. Ginawa para sa iyo ang modyul na ito. Tutulungan ka nitong intindihin ang mga konseptong maaari mong gawin sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay. Kung pag-aaralan mong mabuti ang modyul na ito, malalaman mo ang mga kasagutan sa pagsusulit at marami pang iba! Handa ka na ba?

Maaari ka nang magsimula sa Aralin 1.

## ARALIN 1

# Okay Lang na Magkaiba Tayo

Alam mo ba na may walong pangunahing rehiyonal na lengguwahe at 72 dialekto na ginagamit sa Pilipinas bukod pa sa Ingles, Espanol at Chinese? Maraming mga grupo ng tao na may magkakaibang kultura ang naninirahan dito sa ating bansa.

Ano ba ang ibig sabihin ng mga kulturang ito para sa iyo? May kahalagahan ba sila o hindi mo man lang napapansin na sila'y nandidito? Maaaring makabuti sa ating pansariling pag-unlad ang pakikisama sa mga taong may ibang kultura.

Matapos mong basahin ang araling ito, may kakayahan ka nang:

- sabihin ang mga benepisyo ng pagkakaroon ng magkakaibang kultura para sa iyong pansariling pag-unlad;
- talakayin ang pagkabatid, pagtanggap, respeto at pagpapahalaga sa iba't ibang kultura;
- magpakita ng tamang pagkilos kapag nakikihalubilo sa mga taong iba ang kultura sa iyo.



## Basahin Natin Ito

Tingnan ang sumusunod na ritwal ng kasal na isinasagawa ng iba't ibang pangkat ng Pilipino.

May ritwal ng kasal ang Yakal ng Basilan na tumatagal ng tatlong araw. Nananatiling nasa ilalim ng kulambo sa may sala ang babaeng ikakasal habang isinasagawa ang seremonya.



Itinatali ang mga kamay ng babae at lalaking ikakasal gamit ang isang puting tela.



Bago matapos ang ritwal, papasok sa loob ng kulambo ang lalaki at hahawakan ang noo ng babae. Matapos niyang gawin ito, lalabas ulit siya. Hindi maaring magsiping ang mga bagong kasal sa loob ng ilang araw.



Nag-uunahan naman ang mga bagong-kasal na Batangueño na makarating sa pintuan ng simbahan matapos ang seremonya. Naniniwala sila na mas magkakaroon ng kontrol ang kung sino mang mauna. Kung ang babae ang mauna, sinasabing magiging "under the saya" ang lalaki.



Pagdating sa bahay, nagbabasag ang bagong-kasal ng mga plato at mga luwad na palayok. Naniniwala sila na sa paggawa nito, magkakaroon sila ng mararaming mga anak.




Sa Bulacan, kung gusto ng lalaking pakasalan ang babae, kinakailangan niyang sundutin ang babae sa ilalim ng kaniyang bahay gamit ang isang patpat upang gisingin.



Kapag nagising ang babae, ibubulong ng lalaki ang kanyang pagmamahal para dito. Siyempre, dapat tamang babae ang kanyang ginising.



Pagkatapos ng kasal, lilipat ang babae sa tirahan ng lalaki na may mga kasamang matatandang nagsasayawan.





## Pag-isipan Natin Ito

Pag-isipang mabuti ang mga tanong bago sagutan.

1. Ano ang tingin mo sa iba't ibang kaugalian sa kasal ng mga Pilipino – baligho, katawa-tawa o nakawiwili? Bakit?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

2. Sa iyo bang palagay, mali o mas mababa sa uri ang mga ritwal sa kasal ng ibang Pilipino kaysa sa isinasagawa ng iyong pangkat? Bakit?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________


3. Ano ang naunawaan mo tungkol sa Pilipinas matapos mong mabasa ang tungkol sa iba't ibang ritwal sa kasal at paniniwala ng magkakaibang grupo ng Pilipino?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

Ikumpara ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 34 at 35. Pareho ba sila? Kung oo, magaling! Tama ang iyong pagtingin sa mga taong iba ang kultura. Kung hindi naman, okay lang. Tandaan ang mga wastong kasagutan sa *Batayan sa Pagwawasto* at magpatuloy sa aralin.



## Alamin Natin

Dito pa lang sa Pilipinas, marami nang grupo ng mga tao ang nagtataglay ng mayayaman at kahanga-hangang kultura. Ngunit marami sa atin ang tila walang kaalam-alam tungkol dito. Marahil siguro sa nga sumusunod na dahilan:

1. Kakaunti lamang ang mga miyembro ng pangkat, at hindi na sila napapansin o nakalimutan na ng nakararaming Pilipino.

2. Iniisip natin na ang kulturang ating kinalakihan ang pinakamainam at pinakamahusay, kaya hindi na tayo interesado sa iba pa.

3. Naging bahagi na ang mga grupong ito ng mas malaking pangkat sa bansa at nasanay na sa kulturang iyon.

Maraming bahagi ng Pilipinas ngayon ang naimpluwensiyahan na ng banyagang kultura. Marami tayong natututuhan sa kanila na nakatutulong sa pag-unlad ng ating buhay. Ngunit, marami ding mga lokal na pangkat ang nakakalimot na sa kanilang mga tradisyon at makukulay na kaugalian. Halimbawa, maraming miyembro ng mga grupong etniko ang nagpalit ng kanilang mga tradisyonal na kasuotan para sa t-shirt at pantalon. Ano ang kinalaman nito sa iyo? Paano nakaaapekto ang pagkawala ng maraming kulturang Pilipino sa iyong buhay?

Bago natin talakayin ito, pagbalik-aralan muna natin ang mga mahahalagang konsepto ng ating aralin. Ano ang naiisip mo kapag naririnig mo ang salitang kultura? Tingnan ang listahan sa ibaba. Lagyan ng tsek (4) ang mga aytem na sa tingin mo ay bahagi ng kultura.

_____ 1. damit

_____ 2. musika

_____ 3. pagkain

_____ 4. wika

_____ 5. literatura

_____ 6. estruktura ng pamilya

_____ 7. pulitikal na pagkakaanib

_____ 8. kaugalian

_____ 9. relihiyon


_____ 10. pagpapahalaga

Ilan ang nilagyan mo ng tsek? Ang katotohanan, lahat ng mga ito ay bahagi ng kultura. Nakasaad sa kultura ang maraming aspeto ng iyong buhay. Impluwensiya ng kultura ang pagtingin mo sa mundo, ang iyong paraan ng pag-iisip, at ang mga ginagawa mo. Nagsisilbi itong kasangkapan upang mahubog mo ang iyong personalidad. Sinasabing kung mayaman ang kultura mo, mas magiging mabuti kang tao.

Ngayon, balikan nating ang tanong *"Anong kabutihan ang magagawa sa iyo ng ibang kultura?"*

Kapag nabubuhay ka na gamit ang iisang klase ng kultura, nakikita mo ang mundo sa paraan ng kulturang ito. Parang tinitingnan mo ang bola sa iisang angulo lamang. Akala mo pula ang bola, ngunit kapag nasilayan mo ang kabilang angulo, maaari mong madiskubre na kalahating pula o kalahating berde ang kulay ng bola. Nakakakita ka ng mas kumpletong larawan.

Makatutulong sa iyong pag-unlad bilang isang tao ang pagkatuto sa mga kaugalian at paniniwala ng ibang tao dahil lalawak ang pagtingin mo sa mundo sa bawat impormasyong iyong nakukuha. Kapag titingnan mo ang mundo sa mata ng mga taong iba ang kaugalian at paniniwala kaysa sa iyo, magbubukas ito ng isang bagong mundo para sa iyo at lalawak ang iyong pananaw sa buhay. Mas marami ka nang magagamit na paraan upang pagyamanin ang iyong personalidad at katauhan. Madidiskubre mo ang iyong mga nakatagong galing.




Maaari din makatulong ang kaalaman mo sa ibang kultura upang mapabuti ang pakikipag-ugnayan mo sa ibang tao. Sa pamamagitan nito, nakikilala mo ang iyong sarili at nahuhubog ang iyong pagkatao upang lalong maging mabuti, matalino at matulungin.



## Subukan Natin Ito

Isipin mong isa kang mamamahayag. Kumuha ng isang papel at ballpen at umikot sa inyong barangay. Makipanayam sa iyong mga kapitbahay at kaibigan. Tanungin kung saang rehiyon o grupong  etniko na sila nabibilang. Subukan mong alamin kung sinu-sino sa kanila ang bagong dating pa lang sa inyong barangay. Tanungin sila ukol sa mga kaugalian, pagpapahalaga at paniniwala ng kanilang mga grupong kultural. Tanungin din sila kung kanila pang isinasagawa ang mga ito. Isulat ang mga kasagutan sa iyong papel. Matapos nito, gumawa ng maikling sanaysay tungkol sa mga nalaman mo. Siguraduhing, isama ang iyong mga saloobin tungkol sa kanila. Kapag natapos mo ang sanaysay, ipabasa ito sa iyong *Instructional Manager* o *Facilitator.*



## Alamin Natin

Nagulat ka ba na marami sa mga kakilala mo ay iba ang kultura kaysa sa iyo? Dapat maunawaan mo na hindi naman talaga kataka-taka ang mga kulturang ito. Pawang mga ordinaryong tao din na kagaya mo ang mga taong iba ang kaugalian at paniniwala sa iyo. Iba lamang ang pagtingin nila sa mundo. Hindi nakababa sa iyo ang kanilang mga kaugalian at paniniwala, iba lamang sa iyong nakilala.

Upang mamuhay ng mapayapa ang mga Pilipinong magkakaiba ang kultura dapat ituring na kapantay ang lahat. Paano ito magagawa?

Una dapat nating ibukas ang ating isipan sa mga ideya at paniniwala ng mga taong iba ang kultura. Hindi sapat ang malaman mong nariyan sila.

Paano mo tatanggapin ang kultura ng iba kung wala kang nalalaman sa mga ito? Kailangan nating bigyan ang isa’t isa ng sapat na puwang upang mamuhay sa ating kagustuhan. Ang pagtanggap, respeto at pagpapahalaga ang mga batayang pamamaraan na dapat nating gawin upang mamuhay tayong lahat nang mapayapa. Kung magiging masaya tayo para sa ating mga pagkakaiba, mas magiging mabubuting tao tayo.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Isulat ang **T** kung tama ang pahayag. Kung mali, palitan ang salitang may salungguhit upang maging tama ang pahayag.

___________ 1. Parating mali ang paniniwala ng ibang tao.

___________ 2. Walang kultura ang mas mabuti o mas masama sa iba.

___________ 3. Nakalilito ang pag-aaral ng ibang kultura.

___________ 4. May walong magkakaibang kultura lamang sa Pilipinas.

___________ 5. Maaaring mamuhay ng sama-sama at mapayapa ang iba't ibang grupong kultural.

___________ 6. Dapat nating igalang ang kultura ng iba.

___________ 7. Maaring panggalingan ng lakas ang ating mga pagkakaiba.

___________ 8. Nakakapagpabagal ng pag-unlad ng isang tao ang pagpapaimpluwensiya sa ibang kultura.

___________ 9. Hindi nakakaimpluwensiya ang kultura sa paniniwalang panrelihiyon.

___________ 10. Naiimpluwensiyahan ng kultura ang pananamit ng mga tao.

Ikumpara ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 35. Higit ba sa kalahati ng iyong tamang mga sagot? Kung gayon, magaling! Maaari ka nang magsimula sa susunod na aralin. Kung hindi naman, huwag mag-alaala. Maaari mo ulit basahin ang unang aralin at pag-aralan ang mga punto na hindi mo masyadong naintindihan o naalala.

## Tandaan Natin

- Kung maluwag sa kalooban ang pagtanggap sa kultura ng iba, magiging mas mabuting tao ka.
- Hindi mali o mas nakababa ang mga kaugalian, paniniwala at pagpapahalaga ng ibang tao, iba lamang ito sa iyong kinagawian.
- Dapat matuto tayong tanggapin, respetuhin at bigyang halaga ang kultura ng iba.

# Maaaring Magdulot ng Kabutihan ang Ating Pagkakaiba

Maraming taong magkakaiba ang kultura ang may magandang samahan. Sa araling ito, makikilala mo ang ilan sa kanila.


Matapos mong basahin ang araling ito, may kakayahan ka nang:

- kilalanin ang mga benepisyo sa pagkakaroon ng magkakaibang ng kultura o *cultural diversity* (tingnan sa *Talahuluganan*) sa iyong pamilya at komunidad; at
- sabihin sa mga miyembro ng pamilya at komunidad ang wastong pakikipag-ugnayan sa mga grupong iba ang kultura kaysa sa kanila.

## Basahin Natin Ito

Si Abdul ang padre de pamilya ng pamilya Abubakar. Galing siyang Mindanao. Ang kaniyang asawa, si Miriam, ay ipinanganak at lumaki sa Maynila. Muslim si Abdul samantalang Katoliko naman si Miriam. Sa tingin mo ba maganda ang kanilang pagsasamahan?







Isang debotong Muslim si Abdul. Limang beses sa isang araw siya nagdadasal, yumuyukod habang nakaharap sa Mecca. Hindi siya kumakain ng baboy. Nagmamay-ari siya ng ilang apartment at kasosyo din sa maraming kompanya.

Mabuting asawa si Miriam. Pinaghahanda niya ng ulam na gulay si Abdul at sinisuguro niyang hindi ito naiistorbo kapag nagdarasal. Nagtuturo si Miriam ng English sa malapit na paaralan, pero namimili din siya paminsan-minsan na kasama ang kanyang mga kaibigan. Madalas silang manood ng sine ni Abdul. Pareho silang mahilig sa mga pelikula ni Raymond Red at Carlitos Siguion-Reyna.





May walong-taong gulang na anak na lalaki, sina Abdul at Miriam, si Mark Ali. Hindi siya Katoliko o Muslim. Mamimili siya ng kaniyang relihiyon pagdating niya sa tamang edad. Samantala, marunong siyang magsalita ng Maranao, Tagalog at Ingles. Alam din niya ang mga kaugalian at paniniwala ng mga Muslim at Katoliko.



Mahilig sumama si Mark Ali sa kaniyang ama habang nagdarasal ito sa mosque. Nagpapakita siya ng pagkarelihiyoso, kagaya ng kaniyang ama. Ngunit mahilig din siyang pumunta sa department store kasama ang kaniyang mga magulang at maglaro ng mga video games.



## Pag-isipan Natin Ito

Basahing mabuti ang mga sumusunod na katanungan bago ito sagutan.

1. Sa iyong palagay, bakit maayos ang samahan ng pamilyang Abubakar kahit na magkaiba ang kanilang kulturang kinagisnan?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________


2. Paano nakaaapekto kay Mark Ali ang pagkakaiba ng paniniwala at kaugalian ng kaniyang mga magulang? Mayroon bang masama o mabuting epekto sa kanya ang sitwasyon? Bakit?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 36. Magkapareho ba ang mga ito? Kung oo, magaling! Kung hindi naman, ayos lang yan. Maaaring tama din ang iyong mga kasagutan. Basahin mo ulit ang sitwasyon ng mga Abubakar upang masagutan ng tama ang mga katanungan.



## Alamin Natin

Natutuhan mo ang ilang mga kabutihang naidudulot ng pagkakaiba ng kultura sa pamilya Abubakar. Narito ang ilan:

- Kung magkaiba ang kinagisnang kultura ng isang mag-asawa, maaari silang magkaoon ng malawak na batis (*resource*) ng mga kaugalian at paniniwala na magagamit sa pagbuo ng pamilya.
- Maaaring magdulot ng magagandang epekto sa pag-unlad ng kabuhayan ang iba't ibang kultura ng bawat miyembro ng pamilya. Magagamit nila ang mga kasanayang nakuha nila sa kanilang kultura upang makapagtrabaho.

Ano ang wastong pag-uugali kung miyembro ka ng isang pamilyang may magkakaibang kultura? Natatandaan mo pa ba ang napag-aralan mo sa Aralin 1? Pareho ang konsepto dito—dapat matuto kang tumanggap, magbigay galang at kumilala sa kultura ng iba. Hindi dapat panggalingan ng alitan ang mga pagkakaiba sa pamilya, bagkus dapat maging sanhi ito ng pagkakaisa. Kagaya nina Abdul at Miriam, dapat mabigyan ng kalayaang isagawa ng bawat isa ang kanilang kinagisnang kaugalian at paniniwala.

Subalit mahalaga para sa isang pamilya ang magkaroon ng isang pagpapahalaga na susundin ng bawat miyembro. Kung wala ang mga pagpapahalagang ito, mahihirapan ang isang pamilya na mabuo. Mahalaga ito lalong lalo na sa pagpapalaki ng mga anak. Dapat magsangguni ang mga magulang sa mga pagpapahalaga at paniniwala na makakapagpabuti sa kanilang pamilya.




## Subukan Natin Ito

Galing sa magkaibang lugar ang iyong mga magulang, kagaya ng pamilya Abubakar? Sumulat ng isang maikling sanaysay na naglalarawan ng iyong pamilya kagaya ng paglalarawan sa pamilya Abubakar. Sabihin kung paano nagkakaiba ang iyong mga mga magulang dahil sa kanilang magkaibang kultura. Ibigay ang kagandahan nito. Tapusin ang iyong sanaysay sa pamamagitan ng pagsulat kung paano ka naaapektuhan ng magkaibang kultura sa iyong pamilya. Ilarawan ang iyong saloobin bilang isang anak.


Kung galing sa magkaparehong probinsya ang iyong mga magulang o pareho sila ng kinagisnang kultura, subukan mong makapanayam ang ibang pamilya sa iyong barangay.

## Basahin Natin Ito

Sa matagal na panahon, alam ng mga tao sa isang baryo sa Masbate na espesyal ang kanilang lugar.




Mayaman sila sa ginto. Maraming mga residente ng barangay ang sumubok humukay ng lupa upang makakuha ng kayamanang ito. Ngunit mahirap ang mga taong nakatira dito. Wala silang sapat na kagamitan. Wala rin silang alam tungkol sa paghuhukay nang maayos.



Isang araw, may isang Igorot ang naligaw sa baryo. Mahirap ang mga tao sa baryo ngunit mapagmataas sila at palalo sa kanilang kultura. Hindi nila pinapapasok ang Igorot sa kanilang mga tahanan dahil mababang uri ang tingin nila dito.




Matapos ang ilang mga araw, nakita ng isang lalaking taga-baryo ang Igorot sa may sapa….





Tinuro ng Igorot ang lahat ng kaniyang nalalaman. Itinuro ng Igorot kung paano gumamit ng mga simpleng kagamitan upang makakuha ng ginto mula sa mga bato at sapa.



Hindi nagtagal, natuto ang lalaki ng wastong pagmimina ng ginto. Umupa siya ng mga tao na tinuruan niyang magmina ng ginto. Nang nakakuha sila ng kayamanan, ibinenta ang mga ito upang makabili ng mas mainam na kagamitan.



Hindi nagtagal, nakabili ang lalaki ng mas maraming lupain. Umupa din siya ng mas maraming tauhan na magmimina ng ginto. Nakabuti ito sa komunidad dahil maraming mga residente ng barangay ang nagkaroon ng kabuhayan. Naging masagana ang baryo. Ginawa niyang kanang-kamay ang Igorot. Binigyan din niya ito ng malaking bahay at ngiping gawa sa ginto. Nabuhay sila ng masagana sa matagal na panahon.





## Pag-isipan Natin Ito

Sagutan ang mga sumusunod na katanungan.

1. Sa iyong palagay, higit na magaling ba ang kultura ng Igorot kaysa sa kultura ng mga taga-Masbate? Bakit?

   ____________________________________________

   ____________________________________________

   ____________________________________________

2. Paano umunlad ang komunidad? Sino ang may kagagawan dito, ang Igorot o ang mga Masbateño? Bakit?

   ____________________________________________

   ____________________________________________

   ____________________________________________


3. Anu-anong mga aral ang natutuhan mo tungkol sa mga kultura ang iyong natutuhan mula sa kuwento?

   ____________________________________________

   ____________________________________________

   ____________________________________________

Ikumpara ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 36. Magkapareho ba sila? Magaling! Kung hindi, maaari din namang tama ang kasagutan mo. Basahing muli ang kuwento tungkol sa lalaki at Igorot at alamin kung bakit ganoon ang sagot sa *Batayan sa Pagwawasto.*



## Alamin Natin

Maraming tao ang may akala na ang kanilang sariling kultura ang pinakamahusay sa lahat. Ito ang dahilan kung bakit mas mababa ang tingin nila sa ibang kultura kaysa sa kanila. Ito ang ugali na nagiging sanhi ng gulo at alitan.

Nakasalalay sa mga miyembro nito ang paglago at pag-unlad ng isang komunidad. Kailangan pare-pareho ang oportunidad ng mga miyembro. Walang tao o grupo ang dapat maiiwanan. Dapat payagan lahat makilahok sa mga gawain ng komunidad. Kapag ginamit ng mga miyembro ang kani-kanilang kaalaman at kahusayan, nagiging mas maunlad at mapayapa ang kanilang komunidad.



## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Isulat ang **T** kung tama ang pahayag. Kung mali, palitan ang salitang nakasalungguhit upang maging tama ito.

______________ 1. Dapat ipilit ng mag-asawang magkaibang kultura ang kanilang mga paniniwala at mga pagpapahalaga sa isa't isa.

______________ 2. Maaaring mapabuti ang kabuhayan ng isang pamilya kapag magkakaiba ang kultura ng mga miyembro nito.

______________ 3. Mainam kung may dalawa o mas maraming pagpapahalagang nakatakda ang isang pamilya.

______________ 4. Makatutulong ang pagkakaiba ng kultura sa isang pamilya upang maging mas matatag ito.

_____________ 5. Maaring magkaroon ng maunlad na pagsasama ang mga taong magkakaiba ang kultura bilang mag-asawa at masayang pamilya.

_____________ 6. Dapat magkapantay ang oportunidad ng mga miyembro sa isang komunidad.

_____________ 7. Isang grupo lamang sa komunidad ang maaaring lumahok sa pagsulong ng komunidad.

_____________ 8. May bukod-tanging paniniwala at pagpapahalaga ang bawat kultura .

_____________ 9. Magulong komunidad ang kinabibilangan ng mga taong ay magkakaibang kultura.

_____________10. Maaaring magtulungan ang mga taong magkakaiba ang kultura upang mas umunlad ang mga buhay nila.

Matapos mong sagutan ang pagsusulit, ikumpara ang mga ito sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 37. Tingnan kung nakuha mong tama ang iyong mga sagot.

## Tandaan Natin

- Kapag magkakaiba ang kultura ng mga miyembro ng isang pamilya o komunidad, maaaring mas maging maunlad ang mga ito.
- Dapat may paggalang sa isa't isa ang bawat miyembro ng pamilya at komunidad na magkakaiba ang kultura.
- Magiging mapayapa at maunlad ang isang komunidad kung ang lahat ng mga miyembro nito ay bibigyan ng parehong oportunidad upang paunlarin ang kani-kanilang mga buhay.

# ARALIN 3


# Isang Mundo, Iba't Ibang Tinig

Kung maraming mga tao na magkakaiba ang kultura sa iyong barangay, isipin mo na lang kung ilan pang kultura ang meron sa buong bansa at sa buong mundo! Handa ka na bang matutunan ang mga ito? Matapos mong pag-aralan ang araling ito, may kakayahan ka nang:


- ♦ ipaliwanag kung paano nagsasama ang magkakaibang grupo sa bansa at sa buong mundo;
- ♦ alamin ang mga mahahalagang salita na kaugnay sa mga isyu tungkol sa magkakaibang kultura;
- ♦ talakayin ang mga paraan sa pagpapaunlad at paghimok sa mga kabutihang naidudulot ng pagkakaiba ng kultura; at
- ♦ gawing mas maganda at mapayapa ang mundong ito sa pamamagitan ng pagtanggap sa iba't ibang mga kultura.

## Basahin Natin Ito

Nanirahan sa Mindanao at Sulu ang mga kilalang Moro o Muslim sa Pilipinas bago pa pumunta dito ang mga Espanyol noong 16th siglo. Mayroon silang maunlad na komunidad na kinabibilangan ng matatag na sistemang panlipunan at politikal.



Pagdating ng mga Espanyol, maraming mga tao ang naimpluwensiyahan at naging mga Kristiyano. Lumaban ang mga Muslim sa mga Espanyol. Dahil dito, nag-iba ang tingin ng mga Kristiyano sa Muslim kahit na pareho naman ang pinanggalingan nila.




Maraming taon ang dumaan ngunit hindi nagpaimpluwensiya ang Muslim sa kolonisasyon ng Espanyol.



Noong 1898, natalo ng Estados Unidos ang Espanya. Sila ang nanungkulan sa Pilipinas at nais nilang isama ang mga Muslim sa grupo ng nakararaming Pilipino. Maraming Muslim ang namatay sa pakikigiyera sa mga Amerikano.



Nagsarili ang Pilipinas noong 1946, ngunit hindi naramdaman ng mga Muslim na bahagi sila ng bansa. Iba ang kanilang pakiramdam sa mga nakararaming Kristiyano, sa relihiyon at kultura. Nais nila nang isang bansang Islam, ang Bangsa Moro.



Nang magdeklara si Ferdinand Marcos ng Batas Militar noong 1972, itinatag ang MNLF (*Moro National Liberation Front*) ng mga Muslim, sa pangunguna ni Nur Misuari. Nais nilang ipagtanggol ang kanilang nais na pagbukod sa Pilipinas. Nagsimula ang giyera ng gobyerno at Muslim.




Noong 1975, nilagdaan ng gobyerno at Muslim ang *Tripoli Agreement* na nagbigay ng kasarinlan sa 13 na probinsyang Muslim. Ngunit nais ng mga Muslim na magkaroon ng sariling bansa, hindi malayang probinsya. Tinanggihan nila ang kasunduan ito.




Noong 1996, isang kasunduang pangkapayapaan sa pagitan ng gobyerno at Muslim ang nilagdaan. Pumayag ang mga Muslim na magkaroon ng bukod na rehiyon, hindi bukod na bansa.



Maraming mga Kristiyano ang hindi sumang-ayon dito.




Dalawang grupong Muslim , ang *Moro Islamic Liberation Front* (MILF) at Abbu Sayyaf ang tumanggi sa kasunduang ito. Nanindigan sila sa kanilang paniniwala at nagpatuloy sa pakikibaka upang magkaroon sila ng bukod na bansa. Dahil dito, marami silang isinagawang panggugulo at pananalakay.





## Pag-isipan Natin Ito

Pag-isipang mabuti ang mga sumusunod na katanungan bago sagutin.

1. Sa iyong palagay, mayroon bang katwiran ang mga Muslim sa pakikilaban para sa isang bukod na bansa? Bakit?

    ____________________________________________________________

    ____________________________________________________________

    ____________________________________________________________

2. Sa tingin mo, ano dapat ang maging pakikitungo ng mga Kristiyano at Muslim sa isa't isa upang matapos na ang alitan?

    ____________________________________________________________

    ____________________________________________________________

    ____________________________________________________________

3. Ano ang natutuhan mo tungkol sa relasyon ng mga grupo ng taong may magkakaibang kultura sa seleksyon na iyong nabasa?

    ____________________________________________________________

    ____________________________________________________________

    ____________________________________________________________

Ikumpara ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 37. Kung magkapareho sila, magaling! Kung hindi, maaari rin namang tama ang iyong mga kasagutan. Subukan mong intindihin at tandaan ang mga wastong kasagutan.



## Subukan Natin Ito

Isulat kung ano ang una mong naiisip kapag naririnig mo ang mga sumusunod na salita. Tingnan ang kanilang kahulugan sa isang diksiyonaryo. Hanapin ang mga kahulugan na may kaugnayan sa ating paksa. Maaari mo ring tingnan ang talahuluganan sa likod ng modyul na ito.

1. minorya

   kahulugan ko: ________________________________________________

   ______________________________________________________________

   kahulugan sa diksiyonaryo ____________________________________

   ______________________________________________________________

2. diskriminasyon

   kahulugan ko: ________________________________________________

   ______________________________________________________________

   kahulugan sa diksiyonaryo ____________________________________

   ______________________________________________________________

3. pagkiling o prejudice

   kahulugan ko: ________________________________________________

   ______________________________________________________________

   kahulugan sa diksiyonaryo ____________________________________

   ______________________________________________________________

Ngayong alam mo na ang kahulugan ng bawat salita, mag-isip ka ng mga sitwasyon sa iyong buhay na magagamit mo ang mga salitang ito. Kung hindi sa buhay mo, mag-isip ka na lang ng mga pangyayari sa ating bansa na may kinalaman sa mga terminong ito.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Ano ang mangyayari sa isang grupo ng tao na hindi kapareho sa hitsura, pag-iisip, at pagkilos sa karamihan? Karaniwang itong tinatawag na minorya. Maraming mga klase ng minorya, depende sa pisikal na anyo, relihiyon, hilig, lahi, kultura, at iba pang mga bagay. Karaniwan ang kultura at lahi ng mayorya ang tinitingala, tingin nila na mas superyor sila sa mga minorya. Tinatawag na prejudice (hindi matuwid na opinyon) ang konseptong ito, na nagiging sanhi ng diskriminasyon. Nalilinang sa pag-iisip ang mga miyembro ng minorya na *second-class citizens* sila na may nakabababang kultura. Hindi sila binibigyan ng sapat na oportunidad para makakuha ng mga benepisyo sa lipunan. Nangyayari ito dahil hindi sinusubukan ng mayorya na tanggapin, respetuhin at pahalagahan ang kultura ng minorya.

May iba't ibang reaksyon sa sitwasyon na ito ang mga minorya:

1. Tinatanggap ng mga minorya mula sa ibang lugar ang kultura ng nakararami. Nagiging sanhi ito ng pagtatakwil sa sarili nilang kultura. Sa madaling salita, nawawala ang katutubong kultura ng minorya kapag tinanggap nila ang kultura ng mayorya.

2. Minsan, naisasantabi ang mga katutubo ng isang lugar ng mga kolonyalista na mas marami at naniniwalang mas mahusay ang kanilang kultura. Gumaganti ang mga katutubo sa pamamagitan ng paglayo sa mga ito upang maprotektahan ang kanilang kultura. Maaari silang tumungo sa mga kabundukan o tumira sa mga lugar na malayo sa kabihasnan upang maiwasan ang mga ibang grupo na may kakaibang kultura.

3. May mga grupo namang pareho sa bilang 2, ngunit gumaganti sa ibang paraan. Umaalsa at lumalaban sila sa mga taong iba ang kultura sa kanila. Ayaw nilang manirahan kasama ang mga ito at ipinaglalaban ang pagkakaroon ng magkahiwalay na lipunan.

Ano ang napansin mo tungkol sa mga grupong ating tinalakay? Alin sa kanila, ang sa iyong palagay, ang may positibong pagkilos? Ang pagtanggap, pagrespeto at pahalagahan ang kultura ng iba ang pinakamahusay na pakikisama gaya ng pagtanggap, pagrespeto at pagpapahalaga ng iba sa kultura mo. Kagaya ng tinalakay natin sa nakaraang aralin, kapag ang mga taong magkakaibang kultura ay nanirahan sa isang lugar at nirerespeto ang kanilang pagkakaiba, magiging mas malakas at nagkakaisa ang lipunan.

Nagpapakita ang mga reaksyon ng minorya na sila, gaya ng mayorya, ay dapat matutong tumanggap ng pagkakaiba ng mga kultura. Pumapayag na pakawalan ang mga miyembrong galing sa unang grupo ang kanilang sariling kultura upang maging bahagi ng mayorya. Sinusubukan ng pangalawang grupo na pangalagaan ang kanilang kultura sa pamamagitan ng pagbubukod ng kanilang mga sarili sa ibang tao. Ipinakikita ng ikatlong grupo, sa pamamagitan ng kanilang reaksiyon, na hindi magkakaroon ng magandang epekto sa bansa ang pagsasama ng mga taong magkakaiba ang kultura. Hindi sila naniniwala na maaring magsama ng mapayapa ang mga taong magkakaiba ang kultura.

Paano babaguhin ang mga pagpapalagay na ito? Maraming mga buhay ang maliligtas kung makikita ng mga tao ang benepisyo ng pagkakaroon ng pagkakaiba sa kultura. Dapat magsimula sa atin ang pagbabago. Kailangang magbago ang bawat tao sa kanilang pag-iisip na nakasasama ang *cultural diversity.* Kapag nangyari ito, makikita natin ang kagandahan ng iba't ibang kultura at ang kapayapaan na dulot nito sa ating lipunan.



## Subukan Natin Ito

Isiping muli na ikaw ay isang mamamahayag. Obserbahan ang nangyayari sa iyong kapaligiran. Tingnan ang mga bagay na sinasabi at ginagawa ng mga taong kakilala mo. Anong klaseng pakikitungo ang ipinapakita ng mga ito sa mga taong iba ang kultura? Nagpapakita ba sila ng hindi matuwid na opinyon o diskriminasyon sa mga minorya? Kung oo, paano mo sila kukumbinsihin na kailangan nilang tanggapin, respetuhin at bigyang pagpapahalaga ang ibang kultura? Pag-isipan mo itong mabuti at isulat ang iyong mga saloobin tungkol dito. Subukan mo ngayong isagawa ang iyong naisulat. Subukan ding makipagusap sa iba tungkol sa benepisyo ng pagkakaroon ng maraming kultura.




## Basahin Natin Ito

### Ang Pandaigdig na Istasyong Pangkalawakan

Alam mo ba kung ano ang istasyong pangkalawakan? Isang satelayt ito na lumulutang sa kalawakan na maaaring tirahan ang mga astronaut at magsagawa ng mga pag-aaral tungkol sa teknolohiya at kalawakan ng matagalang panahon. Basahin ang susunod na kuwento tungkol sa paggawa sa istasyon na ito.


Matagal na nagpapaligsahan, ang Russia at Estados Unidos kung sino ang unang makakalibot sa kalawakan. Ang Russia ang nakapagpadala ng unang tao sa kalawakan. Ang Estados Unidos naman ang unang nakapagpadala ng tao sa buwan. Kung ano ang nagawa ng isang bansa, sinusubukang lagpasan ito ng isa. Tumagal ng maraming taon ang kanilang pagbubuno .




Ngunit noong 1962, nagdesisyon ang mga lider ng dalawang bansa na tigilan na ang paligsahan at magsama sa pagtatrabaho upang mas marami tayong malaman tungkol sa kalawakan.



Taong 1967, nilagdaan ang Outer Space Treaty sa Moscow, London at Washington, D.C. Maraming mga bansa ang pumayag na makilahok sa pag-aaral na ito. Umaasa sila na sa pamamagitan nito, mas magkakaintindihan ang mga tao sa buong mundo.




Dahil sa *Outer Space Treaty*, ang Estados Unidos, Russia, Japan, Canada at 14 pang ibang bansa ang nagdesisyong magtayo ng isang istasyong pangkalawakan.



Hanggang ngayon, naglalayong paunlarin ang istasyon na ito ng mga siyentista mula sa iba't ibang bahagi ng mundo na may iba-ibang kultura. Nagtutulungan ang mga *astronaut* ng buong mundo sa pag-aaral ng kalawakan.





Kapag natapos ang Internasyonal na Istasyong Pangkalawakan, ito ang magiging pinakamahalagang simbulo/sagisag para sa pandaigdig na kooperasyon at pagkakaisa.



## Pag-isipan Natin Ito

Pag-isipang mabuti ang mga sumusunod na katanungan bago sagutan.

1. Sa iyong palagay, ang pagtutulungan ba ng mga taong may iba't ibang kultura ay makatutulong sa proyekto? Bakit?

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

2. Ang pagkakaisa bang ipinapakita ng mga bansa sa paggawa ng istasyong pangkalawakan ay maisasagawa sa iba pang mga bagay? Anu-anong mga bagay ang maaaring isagawa? Ilista ang iyong mga ideya?

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

3. Anong mga aral ang matututuhan natin sa kuwento tungkol sa paggawa ng istasyong pangkalawakan?

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

Ikumpara ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 38. Magkapareho ba ang inyong mga sagot? Magpatuloy sa pagbasa pa upang matuto kung paano nakikipag-ugnayan ang mga tao sa buong mundo.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Maraming tao ang naniniwala na kaiba sila kaysa sa karamihan, o kaya naiiba ang kanikang lahi. Nabibilang ang mga tao sa isang partikular na lahi depende sa kanilang pisikal na anyo, lugar na pinanggalingan, kultura at marami pang iba. Halimbawa, ang mga Pilipino na galing sa lahing Malay, karaniwang maliliit at kayumanggi. Ngunit marami din namang mga Pilipino ang mestizo, matatangkad at mapuputi. Marami sa kanila ang naninirahan sa bansa at itinuturing na tunay na Pilipino.



Adolf Hitler

Nagdudulot ng paghihirap at kamatayan sa mga inosenteng tao ang konsepto ng nagtutunggaling lahi. Noong Pangalawang Digmaang Pandaigdig, milyon-milyong Hudyo ang pinahirapan at ipinapatay ni Adolf Hitler dahil sa paniniwalang mas superyor sa *Semitic race* (lahi na kinabibilangan ng mga Hudyo) ang mga Aryan (lahi ng mga Germans). Nakakalungkot isipin na ang ganitong ugali ay makikita pa rin hanggang ngayon.

Natuklasan ng mga siyentista na iisa lang ang pinagmulan ng lahat ng mga tao sa mundo—sa Aprika. Ibig sabihin nito, hindi pisikal ang ating mga pagkakaiba, kung hindi kultural. Sumunod tayo sa iba't ibang daan at nakagawa ng iba't ibang kaugalian, paniniwala at pagpapahalaga. Ngunit ang totoo, lahat tayo'y magkakapareho lamang. Walang isang grupo ang nakaaangat sa iba.

Magkakaiba ang mga tao. Ngunit hindi ito sapat na dahilan upang hindi sila maaring mamuhay ng mapayapa sa iisang daigdig. Hindi lang isang pangarap ang ideya na maaaring mabuhay ng mapayapa ang mga taong magkakaiba ang kultura. Nangyari na ito at maaari pang maulit. Sa katunayan, nakikita na ito sa ibang mga pamilya, komunidad at bansa. Ang kailangan lang nating respetuhin, tanggapin, at maging masaya sa ating mga pagkakaiba.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Isulat ang **T** kung tama ang pahayag. Kung mali, palitan ang salitang nakasalungguhit upang maging tama ito.

_____________ 1. Isang mayorya ang Aetas.

_____________ 2. Akala ng mga Masbateño noong una na ignorante ang mga Igorot. Mababa ang tingin nila sa mga Igorot.

_____________ 3. Dapat bitiwan ng mga minorya ang kanilang kultura at sumali sa mas nakararami.

_____________ 4. Noong unang panahon, hindi pinapayagan ang mga itim na galing Amerika na uminom sa mga gripong iniinuman ng mga puti. Isang klase ito ng diskriminasyon ng mga itim na Amerikano.

_____________ 5. Hindi Pilipino ang mga taong hindi maliliit at kayumanggi .


_____________ 6. May isang lahi na mas magaling sa lahat ng lahi sa buong mundo.

_____________ 7. Maaaring mamuhay at magtrabaho nang maayos at mapayapa ang mga bansa sa buong mundo.

_____________ 8. Maaari lamang magsama ang mga iba't ibang lahi sa mundo sa pagbuo sa istasyong pangkalawakan.

Ikumpara ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 38. Higit ba sa kalahati ang nakuha mong tama? Magaling! Handa ka nang magpatuloy sa huling pagsusulit ng modyul na ito. Good Luck!

Kung mababa ang nakuha mo, huwag mag-alala. Pag-aralan mo na lang ang mga bahaging hindi mo lubos na naintindihan bago ka kumuha ng pagsusulit.



## Ibuod Natin

- Maaaring magdulot ng pag-unlad at kapayapaan sa bawat isa at sa buong mundo ang pagtanggap, pagrespeto at pagpapahalaga sa pagkakaiba ng ating mga kultura.
- Walang isang kultura ang mas mahusay o mas magaling kaysa iba; sadyang magkakaiba lamang ang lahat ng kultura.
- Maaaring gamitin ang mga pagkakaiba natin sa kultura upang umunlad ang bawat tao, pamilya, komunidad, bansa at ang buong mundo.




## Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Maaari akong maging mas mabuting tao kung ________________.

   a. hindi ko papakailaman ang paniniwala, kaugalian at pagpapahalaga ng ibang tao
   b. matututunan ko ang kultura ng ibang mga grupo
   c. hindi ako sasama sa kahit anong kultural na grupo
   d. sasama ako sa pinakamagaling na grupong kultural sa aking bansa

2. Kapag titingnan ko ang mundo sa mga mata ng taong iba ang kultura __________________.

   a. mas maiintindihan ko ang mga kaugalian ng ibang tao
   b. mas gaganda ang tingin ko sa buhay at sa mundo
   c. marami akong matututuhan tungkol sa sarili
   d. Lahat ng nasa itaas.

3. Maaaring magkaroon ng matagumpay na buhay mag-asawa at pamilya ang dalawang taong iba ang kultura kung____________.

   a. may isa sa kanilang magpapabaya sa kaniyang kultura at aangkinin ang kultura ng isa
   b. hindi sila makikihalubilo sa mga taong iba ang kultura sa kanila
   c. rerespetuhin nila ang kultura ng bawat isa
   d. Wala sa itaas.

4. Kung magkaiba ang kultura ng mga magulang ng isang bata, ______________.

   a. maaaring dalawang lenggwahe ang matutunan niya
   b. nagiging bukas ang kalooban niya
   c. marami siyang matututuhan tungkol sa ibang tao at sa sarili niya
   d. Lahat ng nasa itaas.

5. ________________________ ang kultura ko.

   a. Mas magaling sa kultura ng ibang tao
   b. Pinakamagaling na kultura sa buong mundo
   c. Pinakamababang kultura sa lahat
   d. Iba sa kultura ng ibang grupo, ngunit okay lang

6. Sa isang komunidad, ang mga taong magkakaiba ang kultura _________________________________________.

   a. ay dapat magtulungan sa pagpapaunlad ng kanilang komunidad
   b. ay dapat mag-iwasan para maging mapayapa ang komunidad
   c. ay dapat makipaglaban sa isa't isa upang magkaroon lamang ng iisang dominanteng kultura
   d. Wala sa itaas.

7. Dapat ____________________________ ang minorya.

   a. makipag-alitan sa mayorya
   b. magtago ng kultura mula sa mga nakararaming kultura
   c. magpabaya sa kultura at subukang maging bahagi ng kultura ng mayorya
   d. Wala sa itaas.

8. Dapat subukan nating _____________ sa/ang ibang kultura,

   a. pagtiisan
   b. pairalin ang diskriminasyon
   c. tanggapin, respetuhin at pahalagahan
   d. Lahat ng nasa itaas.

9. Dapat _________________ lahat ng kultura sa buong mundo.

   a. maging bahagi ng kulturang pandaigdig
   b. magdiwang ng ating kultural ng pagkakaiba
   c. pumuli ng isang kultura na pinakamahusay sa lahat
   d. wala sa itaas.

10. Nagkakaiba lamang sa ____________ ang mga tao sa mundo.

   a. anyong pisikal
   b. emosyon
   c. katalinuhan
   d. kultura

Matapos mong sagutan ang pagsusulit, tingnan ang mga tamang kasagutan sa pahina 39. Kung ang marka mo ay:

10–7 Magaling! Marami kang natutunan sa modyul na ito. Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.

6–0 Kailangan mong balik-aralan ang modyul hanggang sa maintindihan mo ang mga aralin. Huwag kang mag-alaala. Sigurado akong kung pag-iigihan mo ang iyong pagbabasa at pag-aaral sa modyul, makukuha mo na nang tama ang lahat ng kasagutan sa susunod.

## Batayan sa Pagwawasto

### A. Anu-ano na ang mga Alam Mo? *(pp. 2–3)*

Bigyan mo ang sarili mo ng isang punto sa bawat tamang sagot.

A. 1. **(d)** Sinasakop ng kultura ang mga paniniwala, pagpapahalaga, kaugalian, literatura, musika, sining, at ang paraan ng pamumuhay ng mga tao.

2. **(b)** Magkaiba ang kultura ng Pilipino at Hapon, gayun din sa mga taong bumubuo ng iba't ibang bansa.

3. **(b)** Ang mga taong naninirahan sa isang bansa ay maaring magkaroon ng ibang kultura.

4. **(a)** Maaaring lumawak ang kaalaman at pang-unawa ng isang tao kapag nakikihalubilo siya sa mga taong iba ang kultura.

5. **(d)** Maraming kultura ang mga Pilipino dahil marami sa kanila ang naninirahan sa ibang bahagi ng bansa at mayroong magkakaibang relihiyon, paniniwala, atbp.

B. Bigyan ang sarili mo ng 1 punto sa bawat sagot na *OO*.

### B. Aralin 1

*Pag-isipan Natin Ito (pahina 6)*

1. Okay lang kung katawa-tawa ang unang tingin mo sa mga seremonyang kasalan. Ganito ang normal na reaksiyon ng mga tao kapag nakakita sila ng mga bagay na bago at kakaiba.

   Natatandaan mo ba ang kuwento ng ugly duckling? Maraming mga pato ang natawa noong nakita siya dahil akala nila napakapangit nito. Ngunit hindi pala siya pato, isa siyang magandang sisne (*swan*). Hindi siya pangit; talagang iba lang siya.

   Tingnan mo ang mga kaibahan ng mga tao at huwag itong pagtawanan. Malay mo, katawa-tawa din pala ang tingin din sa iyo ng ibang kultura. Magugustuhan mo ba iyon?

2. Ginagawa mo ang mga bagay-bagay dahil naniniwala ka na tama ang mga ito. Totoo din ito sa ibang tao. Kung sa tingin mo na ang seremonyas ng kasal ay dapat gawin sa iisang paraan at iba naman para sa ibang tao, hindi ibig sabihin nito na mali ang inyong paniniwala. Talagang magkaiba lang ang mga paniniwala ninyo at opinyon.

   Ibig sabihin, walang mali o tama sa mga seremonya na nabasa mo. Talagang magkaiba lamang kayo.

3. Maraming mga grupo ng tao na nakatira sa Pilipinas ang magkakaiba ang paniniwala at kaugalian. Magkakaiba ang kultura ng bawat grupo.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina 10)*

1. magkaiba, ngunit hindi naman mali
2. T
3. mas mabuti
4. marami
5. T
6. tanggapin, respetuhin at bigyang halaga
7. T
8. nakakapagpabuti
9. maaari
10. T

## C. Aralin 2

*Pag-isipan Natin Ito (pahina 13)*

1. Natanggap na ni Abdul at Miriam na magkaiba ang kanilang kultura. Nirerespeto nila ang mga paniniwala ng isa't isa at isinasagawa ang mga ito nang walang alinlangan. Alam nila na makatutulong sa kanilang pamilya ang kanilang mga pagkakaiba.

2. Nakikita nating maganda ang epekto ng pagkakaroon ng magkaibang kultura kay Mark Ali. Anu-ano ang mga ito? Una, nakakasalita at nakakaintindi siya ng tatlong magkakaibang lenggwahe. Pangalawa, alam niya at naiintindihan ang mga kultura ng dalawang grupo ng tao. Nagiging sanhi ito ng pagiging open-minded niya. Hindi niya nililimitahan ang kaniyang sarili sa iisang klase ng paniniwala at kaugalian. Maaari niyang ipahayag ang mga aspeto ng kaniyang sarili, makihalubilo ng mas maigi sa ibang tao at mamuhay ng masagana at mapayapa sa isang mas malaking daigdig.

*Pag-isipan Natin Ito (pahina 16)*

1. Hindi naman dahilan ang kaalaman ng Igorot sa pagmimina ng ginto ang pagiging superyor nito sa mga Masbateño. Marami ding mga kaugalian at kagalingan ang mga taga-Masbate na hindi alam ng mga Igorot. Ganito ang nangyayari kapag pinagsama mo ang dalawang kultura—nagiging mas produktibo at maunlad ang kabuhayan ninyo. Sinasabing *complementary* ang relasyon nila. Ibig sabihin, napupunan ng isang grupo ang kakulangan sa kaalaman at kasanayan ng ibang grupo at baliktaran.

   Dahil dito, makikita nating walang isang kultura ang nakatataas sa iba. Magkakaiba lang ang lahat ng mga kultura.

2. Umunlad ang komunidad noong nakakita ang mga tao ng pagkakakitaan. Nangyari ito noong natuto silang magmina ng ginto sa sarili nilang lupain. Ang Igorot at mga Masbateño ang may pananagutan dito. Ipinagsama ang kultura nila upang mapabuti ang kani-kanilang mga buhay.

3. May sariling pagpapahalaga, pagkilos, paniniwala ang bawat kultura na maaring makatulong sa lipunan at komunidad. Kung gayon, okay lang na mamuhay na magkasama ang mga kulturang ito sa isang komunidad. Talagang kailangan nating ipagdiwang ang ating mga pagkakaiba.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 17–18)*

1. hayaang ipahayag ang kanilang kultura
2. T
3. isa lamang
4. T
5. T
6. T
7. Lahat ng grupo
8. T
9. Produktibo at mapayapa
10. T

## D. Aralin 3

*Pag-isipan Natin Ito (pahina 23)*

1. Tama ang mga Muslim sa punto na nais nilang makilala ang kanilang kultura bilang iba sa mga Pilipinong kultura. Ngunit hindi naman makabubuti kung hihiwalay sila bilang isang bansa. Hindi nila nakikita ang posibilidad na maaaring mamuhay ang dalawa o mas marami pang grupong kultural nang mapayapa.

   Imbis na magrebelde at mag-alsa, dapat matutong mamuhay ng mapayapa at magtrabaho ng sama-sama ang mga Muslim at Kristiyano para sa ikauunlad ng bayan.

2. Kailangang respetuhin ng mga Kristiyano at Muslim ang kanilang pagkakaiba sa kultura (kagaya ng relihiyon) at iba pa. Hindi sila dapat magpakita kung sino ang mas magaling o mas mahusay, dapat magtulungan sila para sa ikauunlad ng ating bayan.

3. Hindi parating mapayapa ang pagsasama ng dalawang grupo na may magkaibang kultura. Hindi parating magkapareho ang tingin ng mga tao sa mga grupong may ibang kultura at nagiging sanhi ito ng masamang relasyon sa mga lupon na ito. Pinapakita nito kung gaano kahalaga ang pagpapakita ng tamang pakikitungo sa mga taong iba ang kultura sa iyo.

*Pag-isipan Natin Ito (pahina 28)*

1. Oo. Kagaya ng naipaliwanag dati, bawat kultura ay may sariling pagpapahalaga, paniniwala at kaugalian. Kung ang mas maigi ay dalawang ulo kaysa sa isa, mas mainam ang dalawa o mas maraming kultura. Halimbawa, maaaring magbigay ng kaalaman ang mga Hapon tungkol sa elektroniks at ang Estados Unidos naman ang magbigay ng pondo para dito. Maaari ding makatulong ang Russia sa mga pag-aaral na isinasagawa nila sa kalawakan.

2. Ito ang klase ng kooperasyon na maaaring isagawa sa maraming bagay, maliit man o malaki, kagaya ng pagtatayo ng bahay para sa mga walang tirahan o pagreresolba ng polusyon at AIDS. Maraming suliranin sa mundo ang mabibigyan ng solusyon kung magtatrabaho lahat ng mga bansa.

   Maaari ka ring magbigay ng iba pang mga halimbawa.

3. Isang pagpapatunay ang Pandaigdig na Istasyong Pangkalawakan na maaaring magtulung-tulong ang mga taong mula sa iba't ibang bahagi ng mundo upang makagawa ng isang bagay na makabubuti sa lahat.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina 30)*

1. minorya
2. T
3. Hindi dapat
4. T
5. Maaring
6. Wala sa kanilang
7. T
8. Kung sila ay magrerespetuhan ng kanilang kultural na pagkakaiba

## E. Anu-ano ang mga Natutuhan Mo? *(pp. 31–33)*

1. **(b)** Makatutulong sa iyo ang pagkilala ng ibang mga kultura sa pagpapalawak ng iyong pag-intindi at kaalaman tungkol sa ibang tao.
2. **(d)** Tama lahat ng mga aytem.
3. **(c)** Mahalaga ang pagrespeto at pagtanggap ng kultura ng iyong asawa sa mga relasyong may magkahalong kultura.
4. **(d)** Tama lahat.
5. **(d)** Walang kultura ang mas nakaaangat o nakabababa sa iba.
6. **(a)** Magbibigay ng kaunlaran at kapayapaan sa iyong komunidad ang pagkilos nang sama-sama o pagtutulungan ng iba't ibang kultura.
7. **(d)** Dapat pagtibayin ng mga minorya ang kanilang kultura. Dapat din nilang respetuhin ang kultura ng iba. Kailangan din itong gawin ng mayorya.
8. **(c)** Mahalaga ang tatlong salitang ito—pagtanggap, pagrespeto at pagpapahalaga—upang magkaroon ng kapayapaan at pagkakaisa sa ating mundo.
9. **(b)** Nagiging mas maganda at makulay ang ating mundo dahil sa ating mga pagkakaiba, lalung lalo na ng kultura. Dahilan ito ng pagdiriwang, at hindi pagkakahati-hati.
10. **(d)** Galing lahat tayo sa iisang ninuno. Nagkataon lamang na magkakaiba ang ating kultura at paniniwala.

## Mga Sanggunian


Espiritu, Socorro C., et al. *Sociology in the New Philippine Setting.* Quezon City: Alemar-Phoenix Publishing House, Inc., 1977.

Foster, George M. *Traditional Cultures and the Impact of Technological Change.* New York: Harper & Brothers, 1962.